Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE

# Kalipunan Ng Mga Pagsasanay (Baitang 6)

Taung-Panuruan 2014-2015

Isang proyektong kaayon sa:

## Angat Gurong Filipino (AGF Program)

Gawa ng mga guro sa Filipino 6

## Panimula

Ang " **Kalipunan Ng Mga Pagsasanay" (Baitang 6)** ay nabuo mula sa pagtutulungan ng mga piling guro sa mga distrito mula una hanggang sa ikatlong kongresyunal na distrito na sumali sa tatlong araw na seminar-workshap sa pagbuo ng mga pagsusulit na katulad ng sa NAT 6 noong Mayo 27-28, 2014 sa ZN, Mess Hall.

Layunin ng pagsisikap na ito na matugunan ang pangangailangan ng guro ng mga kagamitang pampagsasanay para sa paglinang ng mga kasanayang tinataya sa *National Achievement Test* sa ikaanim na baitang taun-taon. Masalamin din mula rito ang mga paraan at mga salik na mapagtuunan ng pansin at maging batayan ng guro sa pagbubuo ng pagsusulit.

Ang mga lumahok sa palihan na yaon ay gumamit ng iba't ibang sanggunian, mga NAT *reviewer* ng mga nakalipas na taon, at maging sa internet din. Sa ibang mga basahin ay nakasulat kung saan ito halaw at sa iba naman ay nakaligtaang isulat, datapuwa't, magkaganon pa man, ay parehong angkop na paggalang ang inilaan para sa mga gumawa at awtor ng mga babasahin na ginamit sa proyektong ito. Ipagpaumanhin na lamang po ang kakulangan na ito, pati na rin ang mga kaunting kamaliang taglay nito kahit pa dumaan na sa maraming rebisyon at pagwawasto ay mayroon pa ring hindi naagapan bago naimprenta.

Ang mahigit 200 aytem na mga pagsasanay ay magamit ng guro na nagtuturo ng Filipino sa paglinang ng mga kasanayan at kakayahn ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsagot ng pagtataya na may mataas na antas.

Bagaman, higit na ipinaalala na walang *schedule* sa NAT *review*, datapuwa't, inaasahan na magagamit ng guro ang bawat aytem ng mga pagsasanay na may kauganayan sa araling tinatalakay araw-araw at ng sa gayun ay mapapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral . Mas mainam itong gamitin bilang lunsarang gawain bago ituro ang Filipino. (Memorandum Pansangay Blg. 131, serye 2014 na may pamagat na "Pamumudmod Ng Kopya Ng Kalipunan Ng Mga Pagsasanay (Baitang 6)" na ipinalabas sa Nobiyembre 10, 2014.

Kalakip sa kalipunan na ito ang susi sa pagwawasto ng mga aytem sa pagsasanay.

Ang proyekto na ito ay binuo upang magamit ng mga guro sa Filipino ng Sangay ng Zamboanga del Norte at hindi para sa publikasyon. Mahigpit na ipinagbabawal ang paglathala nito at ang sinumang gustong magkaroon ng kopya labas ng Sangay na ito ay mangangailangang maghingi ng pahintulot mula sa tagapamanihala ng Sangay ng Zamboanga del Norte.

## Pasasalamat

Isang taimtim na pasasalamat ang nais ipaabot sa Tagapamanihala ng Sangay Natividad P. Bayubay, CESO VI, sa Pangalawang Tagapamanihala ng Sangay Lourma I. Poculan para sa pagsubaybay at suportang ibinigay para sa pagtagumpay nitong proyekto, kay Anita D. Subebe, Tagamasid Pansangay sa Filipino bilang pamuno, sa lahat na mga Tagamasid Pampurok at sa mga punungguro na nakikiisa sa gawaing ito at magpapalaganap sa paggamit ng proyekto simula sa Taung-Panuruan 2014-2015.

Taus-pusong pinasasalamatan ang sumusunod na mga gurong kalahok sa seminar-workshap ng pagbuo ng pagsusulit.

| | | |
|---|---|---|
| 1. Mary Lilibeth R. Baes | -Polanco CS | - Polanco I |
| 2.Nemia G. Overa | -Piñan CS | - Piñan |
| 3. Anecita Cora A. Kilat | -Silawe CS | - Polanco II |
| 4. Edgardo P. Fernandez | -San Isidro CS | - Sergio Osmeña |
| 5. Elvira H. Anghag | -La Libertad CS | - La Libertad |
| 6. Prelyn T. Brobo | -Ramon Magsaysay ES | - Salug II |
| 7. Perly A. Sumalpong | - Bacungan Central | - Bacungan |
| 8. Mercy A. Cuenca | -Mandih CS | - Sindangan South |
| 9.Razel H. Maquiling | - Dumpilas ES | - Siayan |
| 10. Jubilee B. Siglos | -Baliguian CS | - Baliguian |
| 11. Wenifred P. Balili | -Tubod ES | - Tampilisan |
| 12. Evangeline O. Tamayo | -Gutalac CS | - Gutalac I |
| 13. Gilda V. Castillo | -Malayal Community Sch | - Sibuco |
| 14. Giovani Ray T. Banuag | -Sirawai CS | - Sirawai |
| 15. Felicisimo S. Catipay | -Sirawai CS | - Sirawai |
| 16. Alice A. Binondo | -Roxas SPED Center | - Roxas I |
| 17. Audrey Christine M. Uy | -Manukan West CS | - Manukan I |
| 18. Mardy B. Bataluna | -Villaramos ES | - Manukan II |
| 19. Emnas Germelina C. Francisco | -Lituban ES | - Siocon |
| 20. Julita Z. Razo | | - Roxas II |
| 21. Elsa O. Lugsanay | | - Kalawit |
| 22. Neschel A. Chico | | |
| 23. Jocelyn P. Magtajas | | |

Espesyal na ipaabot ang pasasalamat kay Gng. Mary Antoniette Wahing ng Mapang ES –distrito ng Rizal bilang tagapanayam at sa kanyang bukas palad na pag*encode* ng awtput ng mga kalahok ng unang kongresyunal na distrito.

Pinasasalamatan din si G. Cristopher Dagon ng opisinang ito sa kanyang tulong sa pagpaparami ng kopya ng " Kalipunan Ng Mga Pagsasanay" (Baitang 6).

Panuto: Piliin ang titik ng tamang agot.

1. Kung sa mga nakaraang taon, tumaas ang produksiyon ng palay, ngayong taon ay _____ tataas ang produksiyon.

A. lalong
C. higit na
B. lubhang
D. mas na

2. Makakaya nating palaguin ang produksiyon ng palay _____ nangangailangan ito ng pagtutulungan at pagkakaisa.

A. at
C. kaya
B. habang
D. ngunit

3. _____ nagtitinda, si Rosa ay nakikinig ng musika.

A. Habang
C. Kapag

4. Makikita silang nagtitinda _____ saan ang may pistahan.

A. dahil
C. kaya
B. kung
D. kahit

5. Ang magandang kinabukasan ay bunga ng pagkakaroon ng tamang edukasyon, tamang saloobin at inspirasyon ng Panginoon _____ sikaping makatapos ng pag-aaral at linangin ang tamang pag-uugali.

A. kung
C. upang
B. kaya
D. at saka

Para sa bilang 6-7, pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento.

6.

> Umuulan nang malakas. Nagkaroon ng maraming tubig sa kalye. Hindi makaagos nang husto ang tubig sa kanal patungo sa ilog. Nagkaroon ng malaking baha. Nasuspinde ang klase. Tuwang-tuwa si boy. Walang pasok sa paaralan.

Piliin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

1. Hindi nakaagos nang husto ang tubig sa kanal patungo sa ilog.
2. Tuwang-tuwa si Boy. Walang pasok sa paaralan.
3. Nagkaroon ng maraming tubig sa kalye.
4. Nasuspinde ang klase.
5. Umulan nang malakas.

A. 4-5-2-1-3
B. 5-3-1-4-2
C. 5-3-4-1-2
D. 4-5-1-2-3

7.

> Palabas na sa paaralan si Gng. Tan nang may isang dalaga na lumapit sa kanya.
>
> " Ma'am palimos po, parang awa ninyo. Dalawang araw nap o akong hindi nakakain. Gutom na gutom na p ako."
>
> Hindi binigyan ng limos ni Gng. Tan ang dalaga sa halip dinala niya ito sa isang kainan." Ano ang pangalan mo? Bakit ka namamalimos?"
>
> " Stella po ang pangalan ko. Ulilang lubos na po ako at palipat-lipat po ako ng lugar na matutuluyan, " sagc ng dalaga.
>
> "Gusto mo bang magkaroon ng pagkakakitaan? Ano ang alam mong gawin?" ani Gng. Tan.
>
> "Sanay po akong magtinda ng sampagita," sagot muli ng dalaga.
>
> " Kung ganoon, bibigyan kita ng pambili mo ng sampagita pero ipangako mo sa akin na magsisipag ka at palaguin mo ang perang ibibigay ko sa iyo," wika ni Gng. Tan.
>
> " Maraming salamat sa inyong kabutihan. Gagawin ko po ang lahat para mabayaran ko ang inyong kabutihan, " pangako ni Stella.
>
> May ilang buwan na hindi nagpakita si Gng. Tan kay Stella. Nagsikap naman si Stella sa kanyang gawain. Marami na rin siyang naging suki. Araw-araw ay hinihintay niya ang pagdating ni Gng. Tan para mabayaran niya ar perang ibinigay sa kanya.
>
> *Halaw sa National Achievement test Reviewer grade 6*

Alin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento?

1. Binigyan ng puhunan si Stella para sa pagtitinda ng sampagita.
2. Nakita ni Gng. Tan si Stella na nagpalimos sa harapan ng paaralan.
3. Hinihintay niya si Gng. Tan para magbayad at magpasalamat.
4. May naipon na si Stella na pambayad kay Gng. Tan.
5. Nagsikap si Stella sa kanyang trabaho.

A. 3-1-4-2-5
B. 2-5-1-3-4
C. 2-1-5-4-3
D. 4-2-1-3-5

8. Ano sa palagay mo ang gagawin ni Gng. Tan sa ibang nagpapalimos tulad ni Stella?

A. Aalukin din niya na sumama sa kanya.

B. Pakakainin din niya ang mga ito.

C. Tutulungan din niya ang mga ito.

D. Kakausapin din niya ng masinsinan tungkol sa buhay nito.

9. Kung hindi kaya nakita ni Stella si Gng. Tan, ano sa palagay mo ang nangyayari sa kanya?

A. May iba pa siyang makikilala. C. Mananatili siyang magpapalimos

B. Walang tutulong sa kanya. D. Magbabago pa ang buhay niya.

10. Alin sa mga pangyayari ang nagpapaliwanag sa pangunahing kaisipan ng kuwento?

A. Nagsisikap si Stella sa pagtitinda ng Sampagita.

B. Binayaran ni Stella si Gng. Tan.

C. Naghanap ng iba pang trabaho si Stella.

D. Pinatira ni Gng. Tan sa bahay ni Stella.

11. Ano ang ipinakitang katangian ni Gng. Tan batay sa ginawa niya kay Stella?

A. maawain B. mapagbigay

B. matulungin D. masikap

12. G. Tagapangulo. Magalang ko pong _____ ang pangalan ni Art sa pagkapangulo.

A. ipinapasok C. iminumungkahi

B. ibinibigay D. inilalaan

13. _______ kong isara ang pagtatala ng pangalan sa pagkapangulo.

A. Iniuutos C. Ipinagpakiusap

B. Iminumungkahi D. Ipinapasok

14. May_______ ba?

A. tutol C. sang-ayon

B. ayaw D. gusto

15. Aling pangungusap ang may pahambing na antas ng pang-uri?

A. Mas magiliw si Mary Grace kaysa kay Mary Divine.

B. Pinakamagiliw sa lahat si Mary Grace.

C. Magiliw na magiliw na bata si Mary Joy.

D. Magiliw at maganda si Mary Ann.

16. Ang pagpakasal ay _____ kaysa sa panunuyo.

A. mas magastos C. pinakamagatos

B. magastos D. lubhang magastos

17. | Napakalawak ng taniman nila ng palay. |

Sa aling kaantasan kabilang ang pang-uring may salungguhit?

A. pahambing C. lantay

B. pasukdol D. maylapi

18. | Lubhang maraming tao ang dumalo sa pagpupulong sa plasa. |

Ano ang kaantasan ng pang-uri?

A. lantay C. pasukdol

B. pahambing D. tambalan

19. Ang kita ng mga manggagawa sa Amerika kaysa sa Pilipinas ay ______.

A. malaki C. pinakamalaki

B. higit na malaki D. sobrang malaki

20." Hindi ba kakikita lamang natin sa kanya noong isang gabi, bakit ngayon wala na siya?

A. maaalalahanin C. paglalambing

B. maaruga D. pagtataka

21. Sa wakas ay makakatapos na rin sa pag-aaral si Norma kahit wala na ang kanyang mga magulang.

A. masusnurin C. maramot

B. matiyaga D. maalaga

22. " Hindi ka pala mapagkatiwalaan, sayang ang tiwala ko!"

A. maramot C. galit

B. sakim D. matampuhin

23 Walang pagkakamaling hindi naitutuwid kung ikaw ay nagsisisi.

Alin ang sugnay sa pangungusap?

A. pagkakamali
B. hindi naituwid
C. kung ikaw ay nagsisisi
D. walang pagkakamaling hindi naitutuwid

24. Si Joana ay nagbabasa ng mga aklat sa aklatan.

Aling panuto ang dapat niyang sundin?

A. Makinig nang mabuti.
B. Manghiram ng nagustuhang aklat.
C. Magpatulong sa pagbasa sa kasama.
D. Hindi gagawa ng ingay at magbasa nang tahimi

25.

**1025 Balic-Balic**
**Sampaloc, Maynila**
**Nobiyembre 28, 2014**

**Ang Tagapamahala**
**Liwayway Publishing, Inc.**
**2249 Pasong Tamo**
**Lungsod ng Makati**

**Mahal na Ginoo:**

**Kalakip po nito ang halagang dalawang daan at walumpu't walong piso ( P 288.00 ) hiro Postal bilang kabayaran sa anim na buwang subskripsyon ng magasing Liwayway.**

**Lubos na sumasainyo,**

**SUSAN DELOS REYES**

26. Kanino galing ang liham na nabasa mo?

A. ang tagapamahala
B. Ginoo
C. Susan delos Reyes
D. Liwayway Publishing, Inc.

27.

**Ang Tagapamahala**
**Liwayway Publishing, Inc.**
**2249 Pasong Tamo**
**Lungsod ng Makati**

Anong bahagi ng liham ang ipinakita sa itaas?

A. Pamuhatan
B. Bating Panimula
C. Patunguhan
D. Lagda

28. Sa aling bahagi ng liham napapaloob ang mensahe nito?

A. Pamuhatan
B. katawan ng liham
C. Bating Panimula
D. Bating Pangwakas

29. Anong uri ng liham ang binabasa mo?

A. liham pangkaibigan
B. liham paanyaya
C. liham paumanhin
D. liham pangangalakal

30. Sa loob ng simbahan

Alin ang HINDI nararapat gawin?

A. mag-ingay
B. makinig
C. magdasal
D. tumahimik

31. Alin sa mga pahayag ang nagsasaad ng opinion?

A. Walang magsasakang yumayaman.
B. May mga taong ang gawain ay magsilbi sa kapwa.
C. Ang basurero ang humahakot n gating mga basura.
D. Ang Tatay ang pangunahing bubuhay sa kanyang pamilya.

32. Alin ang nagpapahayag ng katotohanan?

A. Sa alkansya iniipon ni Nilda ang perang ibinigay ng kanyang Mommy.

B. Sa bangko pinapatatago ng isang tao ang kanyang pera.

C. Sa Baguio raw dapat magtayo ng bahay bakasyunan.

D. Ayon kay Lolo, bagay sa akin ang maging doctor.

33.

| Pagkakaroon ng dalawang karagdagang taon/baitang sa sekundarya |
|---|

Ano kaya ang magiging epekto para sa mga magulang at mag-aaral?

A. Nakatitipid ng gastusin

B. Kasiyahan para sa mga magulang at mag-aaral.

C. Karagdagang gastos at panahon para sa mag-aaral at magulang.

D. Nakababawas ng suliranin sa mga magulang at sa mga mag-aaral.

34. Alin dito ang kabutihang naidudulot para sa mga mag-aaral? Karagdagang _____ ng mga mag-aaral.

A. gastos
B. suliranin
C. panahon
D. kaalaman

Para sa bilang 35-38, basahin ang kuwento at sagutin ang kasunod nito na mga tanong.

**Ang Pulubi**

Nina: Erlinda M. Santiago at Evelina T. Inocencio

Siya ay palaboy. Malimit siyang matagpuang nakahalata o kung di-ma'y nakasubsob sa mga pang-ibabang baiting ng Luneta grandstand. Sa mga dakong hatinggabi, nakikitang banay-banay siyang naglakad, hinahatak ang mga paa sa kalakhang damuhang pinagpapahingahan ng mga magkakatipan. Nanghihingi ng limos. Iniiwasan siya kung minsan, sanhi ng kanyang hindi kanais-nais na amoy. Anong klase ang magiging ang magiging amoy ng pulubing hindi naliligo? Unang oras ng medaling araw, sa damuhang hindi kalayuan sa Chinese garden ng Rizal park, ilang pareha ng mga walong (8) kabataang lalaki at babae ang nagtitipon. May kung anong pinagkakaabalahan. Paika-ikang nalalapit sa grupo ang pulubi.

"Hoy, tanda, halika!" sigaw ng isang binatilyong medyo "High" atubili ang pulubi. Lumapit sa kanya ang binatilyo at itinulak siya palapit sa grupo. Sabi ng isa:

"Gusto mong mamasyal sa langit, tanda?'

Nakamata lang ang pulubi. Sa kanyang mukha'y naroon ang pagka-inosente. May nagsindi ng sigarilyo. Pinilit iduldol sa bibig ng pulubi. Pagkahitit ng kaunti, ang matanda ay sinasal ng ubo. Tawanan ang grupo. Pagkaraan pa ng ilang gabi, nabuwag ang sindikato ng mga nagbebnta ng bawal na gamot na ang parokyano ay mga estudyante at kabataang naglalagi sa Luneta.

Ang mabaho, hindi naliligong pulubi ay naglahong parang bula.

35. Anong uring katauhan mayroon ang pulubi sa kuwento?

A. matalinong pulubi
B. mapaghiganting pulubi
C. masunuring pulubi
D. mapagpanggap na pulubi

36. Alin ang katangiang ipinapakita ng mga kabataan sa kuwento?

A. masayahing kabataan
B. bisyuso at walang respeto sa matatanda
C. mababait sila
D. magagalang sa kapwa

37. Ano kaya ang maaaring mangyari sa mga estudyanteng kabaaan kapag hindi nabuwag ang sindikatong nagbebenta ng bawal na gamot?

A. Nalulong sa masamang bisyo.
B. May magandang bukas.
C. Nakatapos sa pag-aaral.
D. Mamumulubi rin.

38. Saan na kaya ang pulubi?

A. Bumalik sa kanyang trabaho matapos nagpanggap.

B. Namulubi sa ibang lugar.

C. Lumipat na ng tirahan.

D. Pumunta sa ibang bansa.

39." Magtatanim _____ ng halaman sa parkeng paaralan," wika nina Joy at Rona.

A. ako B. kami C. ka D. ikaw

40. " Ihahanda _____ ang miryenda," sabi nina Aling Delia at Mameng.

A. mo B. ko C. nila D. namin

41. " Maganda na ang _____ parke," ang sabi ng mga bata.

A. kanila B. inyo C. iyo D. atin

42. Preskong-presko pa rin ang hangin

Aling sugnay ang angkop na idugtong upang mabuo ang kaisipan ng pangungusap?

A. kung ikaw ay nasa probinsiya
B. kapag walang ginagawa sa labas ng bahay
C. kapag ikaw ay nasa tapat ng bintana
D. kahit nasa kasikatan ng araw.

43. Isinasagawa ng mga Pilipino ang Simbang-gabi upang maghanda para sa kapanganakan ni Jesus.

Alin ang sugnay na pang-abay sa pangungusap?

A. isinasagawa
B. upang maghanda
C. ang Simbang-gabi
D. upang maghanda para sa kapwa

44. Hindi gumagasta ang iba upang hindi raw mauboos ang kanilang pera

Tukuyin ang sugnay na pang-abay sa pangungusap.

A. Hindi gumagasta ang iba
B. mauubos ang kanilang pera
C. upang hindi rin daw maubos ang pera
D. ang iba upang hindi rin daw maubos ang pera

45. Igagayak ang ______ kainan at pagkatapos ay inihahanda ang mga baon naming magkakapatid.

Alin ang nararapat gamitin?

A. silid
B. mesa
C. upuan
D. sopa

Para sa bilang 46-49, piliin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa tulong ng balangkas.

46.
A. Pagpapasalamat ni Annie dahil wala na ang sunog.
B. Pagpatay ng main switch.
C. Pagsigaw ng sunog ni Annie.
D. Biglang pagsiklab ng kuryente.
E. Pag-uusap ng magkaibigang Annie at Zeny.

A. A,B,C,D,E
B. E,D,C,B,A
C. A,E,C,D,E
D. E,A,B,C,D

47.
A. Dahil sa sipag at tiyaga ni Thor, nakabili siya ng bisikleta.
B. Si Thor ay kinatutuwaan ng lahat dahil sa kanyang kaisipan.
C. Nakatapos si Thor ng kanyang pag-aaral.
D. Kahit sila'y mahirap, hindi naging hadlang sa tagumpay niyang inasam.
E. Ginamit niya ito sa pagrarasyon ng tinapay.

A. E,D,C,B,A
B. A,B,C,D,E
C. C,B,A,E,D
D. B,D,A,E,C

48.
A. Isa..... dalawa . . . . . . tatlo! Bang! Parang palasong tumakbo ang mga kalahok.
B. Si Carlo ay handang-handa sa paligsahan ng pagtakbo.
C. Nangunguna si Carlo! Binilisan pa nga niya ng pagtakbo, ngunit nang malapit na siya sa finish line, ano't bigla siyang nadapa.
D. Natalo si Carlo sa paligsahan.
E. Kahit na masama ang loob ni Carlo ay nakuha pa rin niya ang ngumiti at bumalik sa mga nanalo.

A. B,A,C,D,E
B. A,B,C,D,E
C. E,D,C,B,A
D. B,C,D,A,E

Para sa bilang 49-52, suriin ang kayarian ng pang-uri sa bawat pangungusap.

49. Ang nabiling isda sa palengke ay sariwa.

A. payak
B. maylapi
C. inuulit
D. tambalan

50. Tuwang-tuwa si Nelia sa regalong bestida ng kanyang Inay.

A. payak
B. maylapi
C. inuulit
D. tambalan

51. Maraming prutas ang binili ni Itay para kay Inay.

A. payak
B. maylapi
C. inuulit
D. tambalan

52. Taos-puso ang pasasalamat ni Mayor Cruz sa mga nagtitiwala sa kanyang kakayahan.

A. payak
B. maylapi
C. inuulit
D. tambalan

53. Noong unang panahon karaniwan sa mga babae ang makasuot ng ______.

A. sayâ
B. saya
C. sa-ya
D. sayá

54. Suriin ang pahayag na may kahulugang denotasyon.

A. nagbubuhat ng sariling upuan – mayabang
B. balat-sibuyas - maramdamin
C. butas ang bulsa - walang kapera-pera
D. gintong kutsara - kutsarang yari sa ginto

55. Alin ang nagpahiwatig ng konotasyon?

A. Puno ng barya ang kanyang balat - may mga barya na nakaukit sa kanyang balat
B. bukas-palad ang angkan sa lahat - binuksan ang mga palad para sa lahat
C. maitim ang puso - ang puso ay kulay itim
D. taga sa panahon - husto sa gulang

56. " Ang mga kabataang may gatas pa sa labi ay HINDI muna umibig."

Alin ang may pansariling kahulugan sa pahayag?

A. Ang mga kabataan na wala pa sa wastong gulang ay bawal ang umibig.
B. Ang batang may gatas pa sa labi ay hindi masarap magmahal.
C. Ang mga kabataan ay masarap magmahal.
D. Kahit mga bata ay bukas sa pag-ibig.

57. "Patuloy na paglobo ng populasyon sa bansa.

A. Dahil sa patuloy na paglobo ng populasyon mas lalong lumala ang kahirapan sa bansa.
B. Sa paglago ng populasyon mas umunlad ang bansa.
C. Dahil sa paglaki ng populasyon maraming mamamayan ang makapagtrabaho.
D. Sa pag-unlad ng popullasyon mas Masaya at may pagkakasa sa bansa.

Para sa bilang 58-62, suriin ang mga panghalip na ginamit sa mga pangungusap.

58.
A. Tungkol sa kanilang Gawain ang paksa ng palabas.
B. Sila ay nagpapakita nito upang ipakita ang kasipagan ng tao.
C. Ang mga makataong tagapag balita ay sila.
D. Ang bawat isa ay masayang-masaya.

Aling pangungusap ang ginagamitan ng panghalip na panaklaw?

A. D
B. C
C. B
D. A

59. Nagmamahalan ang balana matapos panain ni kupido ang mga puso nila.

Anong uri ng panghalip ang ginamit sa pangungusap.

A. panao
B. pamatlig
C. pasaklaw
D. patulad

60. _______ niya ako ipinaghehele, parang sa ginawa mo.

A. Ganito
B. Ganyan
C. Ganoon
D. Hayan

61. _______ ay hindi ko makalimutang naging bahagi ka sa misyon ko sa buhay.

A. Kailanman
B. Sinuman
C. Ilan man
D. Anuman

62. Ito na yata ang pinakamasaya sa _______ buhay ko.

A. bawat
B. lahat
C. tanan
D. iba

63. Isinuot ng bata ang koronang dahon at nagkunwaring hari ng kagubatan.

Ano ang kahulugan sa ikinikilos ng bata?

A. mayabang
B. ambisyon
C. mapagkunwari
D. masalamin

64. " Wala na akong kailangan ngayon kundi isang tahimik na lugar," wika ng matanda.

Ano ang ibig ipahiwatig ng matanda?

A. pagod na pagod na sa buhay
B. naghirap at pinalayas ng pamilya
C. naglakad mula sa malayong lugar
D. ginulo ng kanyang mga kamag-anak

65. "Ikaw ang maysala? Humanda ka!

A. mahinahon
B. matatakutin
C. mapagmalaki
D. mapanghamon

66. "Opo. Gagawin ko po ang ipinag-uutos ninyo.

A. masunurin
B. masipag
C. matapat
D. matiiisin

67. Magpapakain _____ sa mga bata sa bahay-ampunan.

A. naming
B. kami
C. amin
D. inyo

68. Mahirap mawalay sa pamilya at manirahan sa ibang bansa _____ ang lahat ng ito ay kayang tiisin upang maitaguyod ang pamilya.

A. habang
B. ngunit
C. dahil
D. kaya

69. Nagsisiskap mag-aral nang mabuti si Loraine _______ ang kanyang mga magulang ay naghahanapbuhay ibang bansa.

A. at
B. dahil
C. habang
D. ngunit

70. Umalis siya nang maaaga _______ bumili ng sariwang isda sa palengke.

A. kung
B. kaya
C. upang
D. ngunit

71. Ang taong matiyaga ay karaniwang nakukuha ang mga ninanasa ______ ang mga taong tamad naman ay madalas hungkag ang kabuhayan.

A. kung
B. kapag
C. kaya
D. habang

72. Ang Solar I, isang tangkeng pandagat na pagmamay-ari ng isang petron na naglalaman ng dalawang milyong litro ng langis ay tumaob sa laot ng dagat ng Guimaras noong Agosto 11,2006. Patuloy na tumagas ang langis sa dala-dala nito sa bilis na 250 litro kada oras. Isang bapor galling sa bansang Hapon ang tumulong sa pagtanggal ng lumubog na barko sa pamamagitan ng mga makabago nitong kagamitan. Ayon kay Gob. Joaquin Carlos Nava, umabot na 15 hanggang16 kilometro kuwadrado ng bahura, 105 ektaryang bakawan, 42 ektaryang taniman ng mga halamang dagat at 11080, tao ang naapektuhan ng tumagas na langis. Ayon sa tagapagsalita ng *Philippine Coast Guard,* na nagpadala na sila ng mga Bangka upang tumulong sa operasyon ng pag-alis ng naturang langis. Ang mga residente naman ng Guimaras ay nangalap ng mga buhok upang makatulong sa pagsipsip ng mga tumagas na langis. **GMA News TV**

*Halaw sa Komunikasyon 6 nina: Lorna B. Castillo et al pahina 210*

Ano ang paksang pangungusap ng talataan?

A. Ang Solar I, isang tangkeng pandagat na nglalaman ng dlawang milyong litro ng langis ay Tumaob sa laot ng dagat ng Guimaras.
B. Isang bapor mula sa bansang Hapon ang tumulong sa pagtanggal ng lumubog na barko.
C. Ang *Philippine Coast Guard* nagpadala na rin sila ng mga bangka.
D. Ang mga residente naman ng Guimaras ay nangalap buhok.

73.

**Pagkaubos ng Kagubatan**

Maraming bansa na ang apektado ng pagkaubos ng kagubatan. Sa Timog-Silangang Asya, kasama ng Vietnam, Pilipinas, Cambodia, at Laos ay lubhang naapektuhan ng pagkaubos ng kagubatan. Ayon sa pag-aaral, ang kadalasang dahilan nito ay iba't ibang Gawain ng tao kagaya ng pagmimina, sobrang pagpapastol, kaingin at paghahati-hati ng pagmamay-ari ng lupa. Nakadaragdag din ang pagtatayo ng daanan at subdibisyon sa mga kagubatan.

Alin ang paksang pangungusap sa talata?

A. Maraming bansa na ang apektado ng pagkaubos ng kagubatan.
B. Ang Vietnam, Pilipinas, Cambodia at Laos ay mga bansa sa Timog-Silangang Asya.
C. Ayon sa pag-aaral, ang kadalasa'y dahilan ng pagkaubos ng kagubatan ay pagmimina.
d. Nakadaragdag din ang pagtatayo ng daanan at subdibisyon sa mga kagubatan ng mga bansa

74.

**Ayaw Nang Paniwalaan**

Nakagawian na ni Luisito ang laging magkunwari upang mabahala ang kanyang mga magulan mga kapatid. Natutuwa siya kung nagkakagulo na sa bahay kapag nagkunwari siyang masakit ang tiy may nakaaway na kamag-aral.
Alam niyang mahal siya ng kanyang ama at ina sapagkat siya lamang ang lalaki sa magkakapatid.

Isang araw, sa paghuli niya sa isang tutubi may biglang kumagat sa kanyang braso. Nat siya sapagkat maaaring kung anong insekto ang kumagat sa kanya. Nagpalahaw siya ng iyak pauw bahay.

" Naku! Ang sabi ng isa niyang kapatid." Tila ba hindi ninyo kilala iyang si Luisito.

Maraming ginagawa sa bahay noon kaya hindi na rin siya gaanong pinansin ng kanyang ina at kapatid. Sanay na sila sa kalokohan ni Luisito. Ngunit kinagabihan, inaapoy na ito ng lagnat kaya tuma agad sila sa doctor. Iiling-iling ang doctor habang tinitingnan ang parang mga sundot na karayom sa bir Luisito.

Ano kaya ang maaring kumagat kay Luisito?

A. langgam
B. putakti
C. bubuyog
D. tipaklong

75. Ano ang kaisipang ipinahiwatig ng kuwento?
A. Ang pagsisinungaling ay mabuting katangian
B. Ang tiwala ng kapwa ay nakuha sa pagsinungaling.
C. Sa pagsinungaling ay magtagumpay din sa ibang aspekto.
D. ang madalas na pagsinungaling ay magdulot ng kawalan ng pagtitiwala.

76. Bakit tila ayaw ng paniwalaan si Luisito?
A. Nagsasabi siya lagi ng totoo.
B. Sanay siya sa pagsasabi ng totoo.
C. Madalas siyang magsinungaling.
D. Panay ang pagdakip niya ng tutubi.

77. Sa inyong palagay, bakit kaya umiiling ang doctor?
A. Walang sugat si Luisito.
B. Nagkukunwari lamang siya.
C. Malubha ang kanyang lagnat.
D. May kababalaghan sa kanya.

78.

Si Maria ay magalang na bata dahil nagsasabi siya ng po at opo sa nakatatanda sa kanya.

Alin ang maaring gamiting panghalili sa salitang sinasalungguhitan?

A. Ako B. Sila C. Siya D. Kami

79. _______ ay may karapatang bumoto at pumili ng nais mong kandidato.

A. Tayo B. Ikaw C. Sila D. Nila

80. _______, mahal mo ba ang ating kalikasan?

A.Ikaw B. Kami C. Sila D. Nila

81 Magmalasakit tayo sa <u>ating</u> kagubatan.

Ano ang gamit ng panghalip sa pangungusap?

A. kaukulang paari
B. kaukulang palayon
C. kaukulang palagyo
D. layon ng pang-ukol

Para sa bilang 82-85, piliin ang panlapi na bubuo ng mga pandiwa sa iba't ibang pokus.

82. _______ (dayo) naming ang ibang mga bayan upang ipakilala ang gawain.

A. –an B. –in C.-han D. nag-=

83. _______ (gawa) ng manika si Emily mula sa mga supot ng sitsirya.

A. –an B. –in C. –um D. –han

84. _______ ( punta) nila ang bahay-bahay ng kanilang mga iba pang reregaluhan.

A. –in/-han B. –an/-han C. –han D. mag-

85.

Si Thor ay labin-isang taong gulang. Siya'y kinatutuwaan ng lahat.

Likas ang kanyang kasipagan at matiisin. Siya ang nag-iigib ng tubig. Kahit sila'y mahirap, hindi ito naging hadlang sa tagumpay niyang inaasam. Ito ang naging inspirasyon niya upang siya'y magsikap. Dahil sa sipag at tiyaga ni Thor, nakabili siya ng bisikleta. Ginamit niya ito sa pagrarasyon ng tinapay bago siya pumasok sa paaralan, dahil dito nakaipon siya sa bangko.

Nagtapos si Thor ng kanyang pag-aaral at ipinagpatuloy niya ang pagsisikap upang maabot ang kanyang tagumpay. *Hango sa Liwanag 6 nina: Emma Salumbre atbp pahina 201*

Paano narating ni Thor ang kanyang tagumpay sa buhay?

A. Nag-ipon siya ng maraming pera.
B. Marami ang nasiyahang kapitbahay sa kanya.
C. Ibayong sipag at tiyaga ang naging puhunan niya.
D. Lahat ng mapaghanapbuhayan ay kanyang pinasok.

86. Ano ang pangunahing kaisipan ng talata?

A. Ang kahirapan ay di-hadlang upang magtagumpay.
B. Ang likas na kasipagan ay isang inspirasyon
C. Ang pera ang batayan ng pagkakaroon ng yaman ng tao.
D. Ang suwerte kapag dumating ay dapat huwag palampasin.

87. Bakit kinatutuwaan ng marami ang batang si Thor?

A. Siya ay nagtatrabaho sa buong magdamag.
B. Masipag at marunong siyang maghanapbuhay,
C. Matiyagang naghintay ng mga ipag-uutos.
D. Matiisin sa mga bagay na dinaranas niya.

Para sa bilang 88-92, tukuyin ang gamit ng pangngalan sa pangungusap.

88. Nangunguna si <u>Jose Rizal</u> sa paghingi ng reporma sa pamahalaang Espanyol sa pamamagitan ng kanyang nobela at iba pang mga sinulat.

A. simuno
B. pinaglalaanan
C. panaguri
D. layon ng pandiwa

89. Isinulat ni Jose Rizal "Ang Noli Me Tangere" para sa <u>Inang Bayan.</u>

A. simuno
B. pinaglalaanan
C. panaguri
D. ganapan

90.Unang iwinagayway ang bandila ng Pilipinas sa <u>Kawit, Cavite</u> noong Hunyo 12, 1898.

A. simuno
B. pinaglalaanan
C. panaguri
D. ganapan

91. Ang wika ay <u>kaluluwa</u> ng isang lahi.

A. simuno
B.pinaglalaanan
C. panaguri
D. ganapan

92. Si Emilio Jacinto ang sumulat ng <u>kartilya</u> ng katipunan na nagsisilbing gabay ng katipunero ng magandang asal.

A. layon ng pandiwa
B. pinaglalaanan
C. panaguri
D. ganapan

Para sa bilang 93-96, basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong ukol dito.

93.

> Pabiling-biling si Jimmy sa higaan. Hindi siya makatulog. Nag-aalala siya sa mahigpit na bilin ng ama kaninang umaga.
>
> " Jimmy, nais kong magtapos ka, maging isang mahusay na abogado tulad ko" sabi ng ama na si Atty. Duran.
>
> Tanging opo lamang ang naisagot ni Jimmy sa ama.
>
> " Mama ang gusto ko po ay maging isang *Computer Programmer* at hindi ang kursong pinili ni Dad."
>
> Bakit di mo sabihin kay Dad, kung ano ang gusto mo?"
>
> " Kilala po ninyo si Dad, kung ano ang sasabihin niya ang siyang masusunod."
>
> " Gusto mong kausapin ko siya?"
>
> " Huwag na po ako na lamang."
>
> Maliit pa si Jimmy ay hilig na siya sa *computer*. Sa kanilang paaralan, malimit siyang nagtuturo sa mga kamag-aral na di pa marunong gumamit nito. Madalas siyang sumali sa paligsahan ukol sa programa ng computer. Talagang marunong siya at mapalad dahil palagi siyang panalo. Ipinangako niya sa sarili na magtatapos siya ng *Computer Programming*. Buo na ang loob niya na kausapin ang ama pagdating nito.
>
> " Dad, alam ko po kung gaano ninyo ako kamahal, at ayaw ko po kayong bigyan ng ikasasama ng loob. Talaga pong iba ang hilig ko. Nakahanda po ako sa parusang igagawad ninyo at patawad po."
>
> " Anak, ang mga magulang ay naghahangad lamang ng mabuti para sa mga anak. Ngunit, kung hindi mo ito gusto at makakasira lamang kung ipagpilitan ko, sundin mo kung ano ang nais mo. Pagbutihin mo at hangad ko ang iyong tagumpay.
>
> " Maraming salamat Dad. Magsisikap po ako sa aking pag-aaral at magiging isang mahusay na *computer programmer* balang araw. *Halaw sa Sulo sa Kaunlaran nina A. Tuico et al*

Ano ang paksang diwang nakapaloob sa kuwento?

A. Ang pagpapasya ni Atty. Duran sa anak
B. ang matibay na ugnayan ng buong pamilya
C. ang malayang komunikasyon ng mag-ama
D. ang pagtatanggol ni Jimmy sa kanyang paninindigan

94. Dahil madalas manalo si Jimmy sa paligsahan ukol sa programa ng computer, masasabi natin na si Jimmy ay isang batang _____.

A. palalabas
B. palakaibigan
C. matiyaga at malaro
D. matalino at masuwerte

95. Batay sa talatang may salungguhit, anong katangian ng ama ang ating mahinuha?

A . matalino
B. maawain
C. maunawain
D. mapagbigay

96. Alin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

1. Ang pagbabalak ni Jimmy na kausapin ang ama.
2. Pag-aalok ng tulong ni Gng. Duran.
3. Pag-aalala ni Jimmy sa bilin ng ama.
4. Madamdaming pag-uusap ng mag-ama.
5. Masusuring paglalahad kung bakit nanindigan si Jimmy sa kursong pinili.

A. 1-4-2-3-5
B. 2-3-1-4-5
C. 3-1-2-5-4
D. 3-2-1-5-4

97. Buwan-buwan ay __________ ang magkakapatid.

A. nagsulatan
B. magsusulat
C. nagsusulatan
D. magsusulatan

98. Hinikayat ang mga mamamayan na __________ ng maraming puno sa kanilang paligid.

A. nagtatanim
B. magtanim
C. nagtanim
D. nagtatanim

99. Ano ba ang _________ ng ating pamahalaan sa mga suliraning ito?

A. ginagawa
B. gawa
C. gawain
D. [illegible]

100. Kung kahit kani-kanino na po ako _______ [illegible]

A. lalapit
B. lumalapit
C. [illegible]
D. [illegible]

101. Hindi niya ______ ang kapansanan ng bata, kaya siya ay napag-utusan nito kahapon.

A. napansin
B. napapansin
C. mapansin
D. mapapansin

102. Dati ako'y isang guhit sa gitna ng isang masukal at madawag na gubat na hindi natatahak ng mg tao. Ang tanging naglalakas-loob na dumaan sa makitid at liko-likong landas ko ay ang mga taong mapagsapalaran at mga taong nakatira sa bundok na minsan lamang sa isang buwan kung bumaba ng bayan.

Madalang nagdaraang sasakyan sa akin sapagkat iniiwasan nila ang mga mabato at bako-bakon bahagi. Sa araw-araw, naririnig ko ang yamot na daing ng mga taong inaabot nang maghapon sa pagdadala ng kanilang produkto sa malalayong pamilihan.

Gabi na pala. Malamig na ang simoy ng hangin sa tahimik na paligid. Naaamoy ko ang mabangong simoy ng hanging nanggagaling sa mga palayan. Nag-iisa na naman ako.

*Sanggunian: Landas sa Wika 6,pahina 147ni Lydia B. Liwanag*

Alin ang kasingkahulugan ng salitang masukal?

A. mabaho
B. marumi
C. malinis
D. maliit

103. Ano ang kasalungat ng madalang?

A. mabilis
B. mabagal
C. mahinhin
D. palagi

104. Saan kadalasang makikita ang tinutukoy ng may-akda?

A. palengke
B. bundok
C. siyudad
D. simbahan

105. Ano ang magiging epekto sa pamumuhay ng mga taong nakatira sa lugar na ito?

A. walang pag-unlad
B. walang pagbabago
C. may pag-unlad
D. may pagbabago

106. Kung ikaw ang nakatira sa lugar na iyon, ano ang nararapat mong gawin?

A. Tumahimik na lamang at hindi makialam.
B. Maghintay kung kailan dumating ang tulong ng pamahalaan.
C. Pabayaan ang mga opisyales ng Barangay na maghanap ng solusyon sa suliraning ito.
D. Makipag-ugnayan sa mga tao, pamahalaan at sa mga nararapat lapitan para mabigyan aga ng solusyon ang nasabing suliranin.

Para sa bilang 107 – 110, basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong kasunod nito.

107.

**Tao, Tagapag-alaga Ka Ba ng Kalikasan**

Ang kalikasan ay sadyang ipinagkaloob sa atin ng Panginoon upang makatulong sa ating pamumuhay sa mundo. Nariyan ang mga puno at halaman na nagbibigay ng pagkain, ang mga ilog at dagat na bukal ng mga isda at lamang-tubig na pinakikinabangan natin, ang mga kabundukan na may mina at troso, bukod pa sa mga ibon at hayop na nagbibigay din ng pagkain sa atin.

Sa gitna ng mga biyayang tinatamasa natin mula sa kalikasan, unti-unti naman nating nalimutan na may tungkulin din tayo sa kalikasan. Winalang-bahala natin ang pinagkukunan nitong ating ikinabubuhay. Nalimutan nating magtanim ng mga bagong puno at halaman kapalit ng mga kinuhanan natin. Sinunog din natin ang mga kabundukan para taniman ng palay , na ang nagiging kapalit ay baha at pagguho ng lupa. Gumamit tayo ng mga paraang nakapipinsala, tulad ng dinamita at pinong lambat sa panghuhuli ng mga isda. Naging dahilan itong pagkamatay ng mga maliliit na isda. Hinuli natin ang mga ibon at hayop sa kagubatan na dapat sana ay tinutulungan nating dumami ang lahi.

Naging tagapagwasak tayo ng kalikasan. Umiinit na ang panahon dahil sa kawalan ng lihim ng mga puno. Natutuyo na rin ang mga sapa at ilog. Malimit na ang pagbaha. Kulang na tayo sa mga pagkain tulad ng mga prutas at gulay. Mahina na rin ang aning nakukuha sa ating mga palayan dahil sa matagal na tag-init at kasalatan sa patubig. Dahil dito, umaangkat na tayo ng bigas. Nararapat na tayo ay kumilos ngayon habang may natitira pang yaman ang ating kalikasan. Isipin natin ang darating pang henerasyon sa maaaring wala nang makitang mga puno at ibon sa paligid. Harapin natin ang ating mga tungkulin bilang tagapagpangalaga ng kalikasan.

*Sanggunian; Banghay Aralin ng Filipino 6, pahina 62-63 2012 edition nina: A. Olivarez et al*

Ano ang matinding maranasan ng tao kung patuloy niyang malimutan ang tungkulin sa kalikasan?

A. Mahirap ang magtayo ng bahay.
B. Malimit na ang pagkawalng kuryente.
C. Kakaunti na lang ang hayop na kanyang makikita.
D. Maranasan ang matinding init, gutom, sakit at kalamidad.

108. Alin ang HINDI kabilang sa mga pang-aabusong ginawa ng tao sa kalikasan.

A. kaingin
B. *reforestation*
C. paggamit ng dinamita
D. pagtatapon ng basura

109. Bakit ang tao ang inaatasang mag-alaga ng kalikasan?

A. Dahil marunong mag-isip
B. Dahil ipinagkaloob ito ng Diyos sa tao
C. Dahil may puso't damdamin
D. Dahil kumpleto ang katawan

110. Ano ang mararamdaman ng mga kabataan sa darating na panahon kung patuloy na ipinagwalang-bahala natin ang kalikasan.

A. Maging masaya dahil wala na ang mga hayop na pakalat-kalat sa daan.
B. Malungkot dahil maaaring wala ng makitang mga puno at ibon sa paligid.
C. Maipagmalaki nila ang mga malalaking gusali dahil sa mga punongkahoy na ginagamit.
D. Mas magaan ang pakiramdam dahil madali lamang ang paghuhuli ng isda at iba pang hayop

111.

| |
|---|
| Isa sa inyong kamag-aral ang nadaanan ninyong nasaktan habang papunta sa paaralan. Hindi na siya makalakad. Dumugo ang kanyang sugat. May malapit na klinika. |

Alin ang nararapat gawin?

A. Tawagin ang inyong guro.
B. Dalhin siya sa doctor.
C. Pabayaan mo siya.
D. Ipaalam sa pulis.

112. Malayo _______ ang Disyembre, pero namimigay ka na ng regalo.

A. na
B. yata
C. pa
D. nga

113. May mga tao na bata pa lang ay nagtatrabaho _______ para mabuhay.

A. pa
B. muna
C. kasi
D. na

114. Hindi na ________ mapipigilan ang pagdami ng populasyon.

A. nga
B. yata
C. ba
D. raw

115. Darating _______ si Piolo Pascual sa Cagayan de Oro.

A. daw
B. raw
C. rin
D. din

116. Sasama ka _______ ba sa field trip?

A. na
B. daw
C. rin
D. din

117. Alin ang kanais-nais gawin sa kapaligiran?

A. Pagputol ng mga punongkahoy upang gawing muwebles.
B. Pagkaroon ng mga dumi ng minahan sa mga batis at ilog.
C. Paghukay sa mga bundok upang makatuklas ng mina ng ginto.
D. Pagpapaayos ng tambutso ng mga lumang sasakyan upang hindi magbuga ng maitim na us

118. Paano mapangalagaan ang mga yamang dagat? Ipagbawal ang ______.

A. panghuhuli ng mga isda
B. paggamit ng mga lambat na maliliit ang butas
C. paglalayag ng mga bangkang gumagamit ng makina
D. paglalangoy sa mga dalampasigan

119.

| |
|---|
| May mga ugali tayong mga Pilipino na dapat nating baguhin. Isa na rito ay ang pagdating nang huli sa takdang oras. Dapat din nating baguhin ang labis na pag-aasahan ng pamilya. Hindi rin nakatulong sa ating pag-unlad ang kakulangan natin sa disiplina at di mabuting saloobin sa paggawa. |

Alin ang pangunahing diwa sa talata?

A. oras ng pagdating
B. mga ugaling Pilipino na dapat baguhin
C. kakulangan natin sa disiplina
D. di mabuting saloobin sa paggawa

120. Alin ang sumusuportang detalye sa pangunahing ideya?

A. Pagdating nang huli sa takdang oras at kakulangan sa disiplina.

B. Labis na pag-aasahan sa pamilya at pag-unlad.

C. Tayong mga Pilipino at mga pamilya.

D. Ang kakulangan at saloobin.

121.

Malapit na noon ang Pasko. Abalang-abala ang pamilya Mawiman sa pagpapalamuti ng kanilang bahay. Masayang-masaya ang bawat miyembrong gumaganap ng kanilang gwain sa buong maghapon, nang biglang umagaw sa kasiyahan nila ang pagkahimatay ng ina habang nagkakabit ng parol. Dali-daling sinaklolohan ito ng mga anak, subalit tuluyan itong binawian ng buhay.

Ano ang gagawin mo kapag may handaang ganito upang hindi ka hihimatayin?

A. Iwasan ang magpupuyat.

B. Huwag masyadong magpakasaya.

C. Iwasan ang sobrang pagod.

D. Hindi na maglagay ng mga palamuti.

122. Ano kaya ang dahilan kung bakit hinimatay ang ina?

A. Nahirapan dahil nag-iisa lang siya.

B. Masaya dahil gusto nilang magpalamuti.

C. Napagod dahil buong araw na nagtrabaho.

D. Nalungkot dahil di tumulong ang mga anak nito

123. Bakit naging abala ang pamilya Mawiman?

A. Dahil may handaan.

B. Sa kadahilanang gusto nilang gaganda ang bahay.

C. Dahil may darating na mga kaanak sa bahay nila.

D. Dahil papalapit na ang Pasko at nagpapalamuti sila ng kanilang bahay.

124.

May namumuong sama ng panahon ang namamataan sa Hilagang bahagi ng Mindanao. Inaasahang magiging malakas na bagyo ito sa susunod na dalawang oras. Pinag-iingat ang mga taong naninirahan malapit sa dagat. Ito ay kikilos Hilaga-pakanluran sa may layong 180 kilometro bawat oras. Mananatili ito hanggang Huwebes at inaaasahang aalis ng bansa Biyernes ng umaga.

Ano ang matunghayan sa Hilagang-bahagi ng Mindanao?

A. maaliwalas na panahon

B. makapal na ulap

C. masamang panahon

D. malakas na bagyo

125. Sino-sino ang mga pinag-iingat sa inaasahang magiging malakas na bagyo?

A. mga taong nanirahan malapit sa dagat

B. ang mga nanirahan sa mga lungsod

C. taong naninirahan sa bukid

D. ang mga bata

126. Kailan inaasahang aalis ang naturang bagyo?

A. Martes

B. Miyerkules

C. Huwebes

D. Biyernes

127.Gaano kalakas ang bagyo? Umabot ng _______ kilometro bawat oras.

A. 180

B.18

C.16B.

D.108

128. Nabasa ni Nilda ang babalang ito. "Huwag mamitas ng bulaklak."

Ano ang dapat niyang gawin?

A. Pipitas pa rin siya ng bulaklak.
B. Susundin ang nakasaad sa babala.
C. Sisirain ang babala upang hindi na mabasa pa ito.
D. Magpapaalam sa may-ari na pumitas ng bulaklak.

129. | Huwag katakutan ang aso. Matakot sa ________. |

Ano ang dapat ipuno na salita upang mabuo ang babala?
A. tao C. kabayo
B: pusa D. may-ari

130. Gusto mong tumawid sa kabilang kalye. Subalit nag-iilaw ng kulay pula ang *traffic light*. Aling babala ang angkop para rito?
A. Magsasayaw ka sa daan kapag umilaw ng pula.
B. Dapat tumawid ka sa daan kung nagkukulay na ito ng pula.
C. Tumakbo ka sa gitna ng daan upang hindi maabutan ng trapiko.
D. Huminto ka sa paglalakad kung nagkukulay na ng pula ang *traffic light*.

131. | Magkakaroon ng dalawang araw na pagtitipon ang mga guro sa Filipino ng Sangay ng Zamboanga del Norte sa darating na Mayo 27-28 sa taong ito na gaganapin sa Mess Hall. |

Sino-sino ang magpupulong?
A. mga guro sa English
B. mga guro sa Filipino
C. mga tagapangasiwa ng Distrito
D. mga superbisor ng Sangay ng Zamboanga del Norte.

132.. Sasayaw ka ______kakanta?
Alin ang dapat gamitin na pang-ugnay?
A. o. C. dahil
B. at D. ngunit

133. | Maganda si Marta ngunit siya ay masungit. |

Ano ang pang-ugnay na ginagamit sa pangungusap?
A. si C. Marta
B. ngunit D. masungit

134. | Kumakanta si Dante _______ nagsasalok ng tubig. |

Alin ang angkop na pang-ugnay ang gagamitin?
A. at C. habang
B. dahil D. ngunit

135. Nagtitinda si Marco ng <u>tubó</u> para mabayaran niya ang kanyang utang sa bangko kahit tubô man lang. Ano ang ibig sabihin ng salitang sinalungguhitan?
A. interest
B. isang prutas na maasim na maasim
C. kadalasang ginagamit bilang daanan ng tubig
D. isang prutas na pwedeng gawing asukal at suka

136. Nakakasira sa bagâ ang paninigarilyo. Kung baga, unti-unti mong pinatay ang iyong sarili.

A. bisyo
B. makapal
B. isang ekspresyon
C. bahagi ng katawan

137 | __uulan ngayon! Magdadala ako ng payong upang hindi mababasa ang bibilhin kong __.

Aling pares ng mga salita ang angkop sa pangungusap?

A. Baka – tasa
B. Sana – saya
C. Tila – tela
D. Tila – teas

138. Sa tabi ng riles ng tren matatagpuan ang munting tirahan ng mag-anak ng Tengson. Isang gabi, nag-usap ang mag-asawa. "Inggo, lumalaki na ang ating mga anak. Hindi na magkakasya ang aking kinikita," hinaing ni Aling Viring. "Alam mo, narinig ko kay Aling Bibang na ang kooperabtiba nila ay nagbibigay ng puhunan upang makapagtayo ng negosyo," dagdag pa niya.

Nagtungo kinabukasan si Mang Inggo sa kooperatiba at dito nalaman niya ang mga alituntunin sa paghiram ng pera.

Nagsimula na sila ng bagong negosyo. Si Mang Inggo ang nagtitinda ng sago sa hapon at si Aling Viring naman sa umaga. Nakabayad sila sa kooperatiba.

"Inggo, bukas na tayo lilipat sa bunggalong nabili natin," sabi ni Aling Viring.

"Magpasalamat tayo sa Diyos sa lahat ng tulong niya,' sabi ni Mang Inggo.

Hindi na sa tabi ng riles matatagpuan ang tahanan ng mag-anak na Tengson. Sa subdibisyon na sila nanirahan. Maunlad na ang kanilang buhay ngayon.

Piliin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ayon sa kuwento.

1. Lumago ang napiling negosyo ng mag-asawa.
2. Lumipat sa bagong biling bahay ang pamilya.
3. Nagtinda ang mag-asawa ng sago at palamig.
4. Nagtungo kinabukasan si Mang Inggo sa kooperatiba.
5. Nag-usap ang mag-asawa sa gagawing negosyo.

A. 5-4-3-1-2
B. 3-4-5-2-1
C. 1-2-3-4-5
D. 2-3-4-1-5

139.. Sa maalamat na Bundok ng Peńarada ay naninirahan ang isang kilabot na higanteng nagngangalang Mingan. Si Mingan ay matagal nang nangingibig kay Sinukuan, isang magandang engkantadang naninirahan naman sa kabilang bundok ng Arayat. Ayaw niya kay Mingan dahil ubod ito ng pangit.

Bilang pagsubok ay binigyan ni Sinukuan si Mingan ng isang napakahirap na pagsubok na kailangang matapos bago sumikat ang araw. Di ito nakayanang gawin ni Mingan kaya tuluyang nabigo ang hangad niyang makipag-isang dibdib.

Ayaw niya kay Mingan dahil ubod ito ng pangit.

2. Sa maalamat na bundok ng Peńarada ay naninirahan ang isang kilabot ng higanteng si Mingan.
3. Nabigo ang hangad ni Mingan na makipag-isang dibdib kay Sinukuan.
4. Si Sinukuan ay isang magandang engkantada.

A. 4-3-2-1
B. 2-4-1-3
C. 1-2-3-4
D. 3-2-1-4

140. Minsan inutusan si David ng kanyang ama na dalhan ng pagkain ang kanyang mga kapatid na nakipaglaban sa mga Felisteo. Dinatnan ni David ang mga sundalo na nanginginig sa takot gaya ng asong bahag ang buntot. Labis silang nag-alala sa higanteng nagngangalang Goliath na kasintaas ng bundok at kasinlakas ng buhawi. Walang nagtangkang lumaban kay Goliath dahil sa takot.

Nagpaalam si David kay Haring Saul upang siya'y payagang lumaban kay Goliath. Nang pumayag ang hari ay dali-daling sinugod ni David si Goliath dala ang isang tirador at iilang makinis na bato at matibay na pananalig sa Diyos.

Nang lumapit si Goliath ay sinalubong at tinirador siya ni David. Tumama at bumaon ang mga bato sa noo ng higante. Bumagsak si Goliath tulad ng punong tinamaan ng kidlat.

1. Dinatnan ni David ang mga sundalong naginginig sa takot.
2. Nagpaalam si David kay haring Saul na siya ay payagang lumaban kay Goliath.
3. Tumama at bumaon ang bato sa noon g higante.
4. Noon din ay nalagutan ng hininga si Goliath dala ang isang tirador.
5. Dali-daling sinugod ni David si Goliath dala ang isang tirador.
6. Bumagsak si Goliath tulad ng tinamaan ng kidlat.

A. 1-2-5-6-3-4
B. 1-5-2-3-6-4
C. 1-2-5-3-6-4
D. 2-1-5-3-4-6

141.. _______ ang nakuhang marka ni Myrna sa Matematika sa buong klase.

A. mataas
B. mas mataas
C. pinakamataas
D. pinakamalaki

142. Higit na _______ ang lipad ng ibon kaysa manok.

A. mataas
B. mababa
C. matayog
D. malawak

143. Ang bata ay _______.

A. mabait
B. mas malusog
C. pinakamabait
D. higit na matalino

144. Vicente Manansala ang _______ sa pagpinta ng tila mga hugis tatsulok na siyang lumilikha ng parang nakaalsa at may sinag sa likod.

A. pinakamahusay
B. mas mahusay
C. higit na tanyag
D. mahusay

145.. Ano ang ipinahiwatig ng poster?

A. Araw ng mga Puso
B. Buwan ng Wika
C. Salu-salo
D. Pista

146.. Kailan natin makikita ang mga mag-aaral sa ganitong kasuotan?

A. Pagtatapos
B. Kaarawan
C. Binyag
D. Kasal

147.. Aling asignatura naiuugnay ang kaganapang ito?

A. Edukasyong Pampalakas
B. Matematika
C. Ingles
D. Agham

148. **Basahin ang sanaysay. Sagutin ang mga tanong ukol dito.**

Tao, Tagapag-alaga ng Kalikasan

Ang kalikasan ay sadyang ipinagkaloob sa atin ng Panginoon upang makatulong sa ating pamumuhay sa mundo. Nariyan ang mga puno at halaman na nagbibigay ng pagkain, ang mga ilog at dagat na bukal ng mga isda at yamang-tubig. Ang mga kabundukan na may mina at torso. Sa gitna ng mga biyayang tinatamasa natin mula sa kalikasan, unti-unti naman nating nalimutan na may tungkulin din tayo sa kalikasan. Naging tagapagwasak tayo ng kalikasan sa halip na tagapangalaga. Ngayon ay nararanasan na natin ang ganti ng kalikasan. Nararapat na tayo ay kumilos ngayon habang may natitira pang yaman ang ating kalikasan.

149. Ano ang pangunahing diwa ng teksto?

A. Ang gumagawa ng kalikasan
B. Ang mga biyaya ng kalikasan
C. Ang tagapag-alaga ng kalikasan
D. Ang tagapagwasak ng kalikasan

150.. Bakit ipinagkaloob ng Panginoon ang kalikasan?

A. para masisiyahan ang kanyang mga nilikha
B. upang mapangalagaan ito n kanyang mga nilikha
C. upang makatulong sa ating pamumuhay sa mundo
D. dahil gusto niyang may makikita ang kanyang mga nilikha

160.. Ano ang dapat nating gawin upang mapangalagaan ang kalikasan?

A. pagkakaingin
B. polusyon ng hangin at tubig
C. itapon ang dumi at basura kahit saan
D. iwasan ang mga gawaing makakasira nito

161.. Tayong _____ ay dapat magmahalan.

A. lahat B. bawat isa C. isa D.isa-isa

162.. Batid _____ ang kahalagahan ng pagtutulungan.

A. amin B. atin C. akin D. natin

165.

| Almusal Para sa Mag-aaral |
| --- |
| Magkakaloob ang administrayon ni Pangulong Aquino ng libreng almusal o meryenda mahigit na 34 000 mag-aaral sa pampublikong paaralang elementary. Gagawin ang hakbang i ito upang higit na aktibo at alerto sa pag-aaral ang mga bata. Sa ganitong paraan, mababawas at malulutas ang suliranin sa malnutrisyon at paghinto sa pag-aaral ng mga mag-aaral . Na ilalim ng *National Feeding Program* ng *School Health Nutrition Center* (SHNC) ai programang ito. |

Ano ang nakasaad sa ulat?

A. Pampublikong paaralan
B. Libreng almusal ng mga guro
C. Almusal para sa mga mag-aaral
D. Hakbang sa kaayusan ng paaralan

166.. Anong ahensya ang nagsasagawa ng programang ito?

A. Department of Health
B. Department of Education
C. Department of Agriculture
D. National Feeding Program ng School Health Nutrition Center

167. | Gusto kong kumain ng sorbetes ngunit ipinagbawal sa akin ng doktor. |

Ano ang pangatnig na ginagamit sa pangungusap?

A. at B. ngunit C. pati D. saka

168. | Ikaw ang maglampaso ng sahig _____ siya ang magpupunas ng mga kagamitan. |

Alin ang dapat gamitin na pangatnig sa pangungusap?

A. habang B . ngunit C. at D. saka

169.. | Kumain ka ng masustansya _____ pagkain para lumakas ang iyong resistensya. |

Alin ang dapat gamitin na pang-angkop?

A. na B. ng C. nang D. g

170. | Makikipaghabulan din sila sa mga hayop _____ maamo sa parang. |

Ano ang pang-angkop na ginamit?

A. na B. ng C. nang D. g

171. Basahin ang anunsiyo at sagutin ang kasunod na tanong.

| Paligsahan sa Pagsusulat ng Sanaysay |
| --- |
| Inanyayahan ang mga mag-aaral na may gulang 12 hanggang 15 na sumali sa pagsulat ng sanaysay na may paksang "Paano makatutulong ang mga kabataan sa pag-unlac ng bansa?" Ang nasabing paligsahan ay magaganap ngayong Agosto 10, 2014 sa opisina ng punungguro ng Paaralang Sentral ng Lalibertad. |

Anong paligsahan ang mangyayari sa anunsiyo?

A. sabayang pagbigkas
B. pagsulat ng sanaysay
C. pagsasatao
D. masining na pagkukuwento

172. Ilang taong gulang ang maaaring sumali sa paligsahan?

A. 20-25
B. 12 -15
C. 9-10
D. 7-8

173. Ano ang magiging paksa sa sanaysay?

A. Paano makatutulong ang mga kabataan sa pag-unlad ng bansa?
B. Ang pagiging isang mabuting mag-aaral
C. Paano paunlarin ang bayan ng La Libertad?
D. Pagkakaisa ng mga kabataan, tungo sa kaunlar

**Paggawa ng Kending Santol**

1. Balatan ang mga hinog na santol. Hatiin ang mga ito nang pahalang sa gitna at alisin ang mga buto nito.
2. Ibabad nang magdamag ang mga santol sa tubig na may asukal. Gumamit ng isang tasang asukal para sa bawat limang santol. Lagyan ng sapat na tubig upang matunaw ang asukal at lumubog ang mga santol.
3. Kinabukasan, ang mga santol na ibinabad ay pigain upang maalis ang tubig. Patuyuin ang mga ito sa araw.
4. Kapag tuyo na, balutin ng papel na pambalot. Ang kending santol ay maari nang kainin o ipagbili.

Halaw sa Landas sa Wika,
pahina 47

174. Anong prutas ang ginawang kendi?
   A. saging
   B. santol
   C. dalandan
   D. masanas

175. Alin dito ang HINDI hakbang sa paggawa ng kending santol?
   A. Balatan ang mga hinog na santol.
   B. Ibabad nang magdamag ang mga santol
   C. Pigain ang mga santol
   D. Dikdikin ang buto ng santol

176. Paano ang tamang paghahati ng santol?
   A. patayo
   B. pahalang
   C. pahilis
   D. pakurba

177. Mabait at magalang si Henry. Anong panghalip ang maaaring ipalit sa salitang may salungguhit?
   A. ako   B. siya   C. ikaw   D. ko

178. Malambing ang tinig ng mang-aawit na iyan. Ano ang pang-uri sa pangungusap?
   A. malambing
   B. tinig
   C. mang-aawit
   D. iyan

179. Nagpadala ng sulat si Inay kay Tiya Susan sa probinsya. Anong aspekto ng pandiwa ang salitang may salungguhit?
   A. Naganap   B. Nagaganap   C. gaganapin   D. kagaganap

180. Ang Jack en Poy na isa sa mga sikat na laro ng kabataan _____ Pilipino ay malimit kong laruin.
   A. na   B. g   C. ng   D. n

181. Alin ang pangungusap na pasalaysay?
   A. Sabay-sabay dumulog sa agahan ang mag-anak.
   B. Huwag kang maingay. Nagdarasal sila.
   C. Ano ba ang ginawaga mo riyan?
   D. Ang hina naman ng loob mo!

182. Alin ang pangungusap na padamdam?
   A. Talaga bang kailangan mong lumisan?
   B. Ang maliit at mapuputing talutit ay may kakaibang ganda.
   C. Gumuhit ng isang bilog.
   D. Ang tagal mo naming magsalita!

183. Basahin ang talata.

> Mataas ang pangarap ni Major Reyes kay Roger. Sa murang edad ng bata ay sinasanay siya ng ama sa mga gawaing pampalakas ng katawan. Tinuruan siyang magboksing, magkarate at humawak ng baril. Isinasama siya ng ama sa torneyo ng basketbol, judo, karate at kung ano-ano pa. Isinasali rin siya sa mga paligsahan na palakasan sa kampo.

Alin ang pangunahing kaisipan at mahalagang detalye sa binasa?
   A. Pangarap ni Major Reyes na maging isang sundalo ang anak niya.
   B. Hangad ni Major Reyes na si Roger ay maging mahusay na atleta.
   C. Gusto ni Major Reyes na maging sikat na boksingero ang anak niya.
   D. Mithiin ni Major Reyes na si Roger ay maging manlalaro sa basketbol.

183. Basahin ang talata.

| |
|---|
| Mataas ang pangarap ni Major Reyes kay Roger. Sa murang edad ng bata ay sinasanay siya ng ama sa mga gawaing pampalakas ng katawan. Tinuruan siyang magboksing, magkarate at humawak ng baril. Isinasama siya ng ama sa torneyo ng basketbol, judo, karate at kung ano-ano pa. Isinasali rin siya sa mga paligsahan na palakasan sa kampo. |

Alin ang pangunahing kaisipan at mahalagang detalye sa binasa?

A. Pangarap ni Major Reyes na maging isang sundalo ang anak niya.
B. Hangad ni Major Reyes na si Roger ay maging mahusay na atleta.
C. Gusto ni Major Reyes na maging sikat na boksingero ang anak niya.
D. Mithiin ni Major Reyes na si Roger ay maging manlalaro sa basketbol.

184. Alin sa mga pangungusap ang may tamang bantas?

A. " Makararaos din tayo," sagot ng ama.
B. "Ano? Nawala ang bago mong hikaw?," tanong ni Queen.
C. "Naku! Huli ka na naman sa klase" usal ni Gng. Enderez.
D. Diyos ko, salamat at kami'y ligtas, nasambit ni Quin sa sarili.

185. | Mahirap ______humanap ng taong mapagkakatiwalaan mo sa panahong ito. |

Alin ang angkop na pang-abay sa pangungusap?

A. daw   B. yatang   C. rin   D. raw

Para sa bilang2-4. Piliin ang panlapi na bubuo sa pandiwa na angkop sa pangungusap

186. Ang mga tiwaling opisyal ay _________(sampa) ng kaso.

A. han   B. in, an   C. in, han   D. um

187. Gusto kong _________ (bati) ang bagong halal na pangulo ng Pilipinas.

A. in   B. an   C. hin   D. han

188. Sumasayaw pa si Irish habang_________ (kanta) niya ang kanyang ama.

A. in-han   B. an-hin   C. in   D. han

| |
|---|
| Panuto: Tukuyin kung anong damdamin o saloobin ang ipinahahayag ng bawat pangungusap. |

189. "Maraming salamat sa regalo mo, Inay.

A. masaya B. nabigla C. naaliw D. nabagot

190. Napakaganda ng bahay ninyo.

A. maligaya B. humahanga C. takot D. pikon

191. Namatay ang alaga kong aso.

A. malungkot B. natakot C.nanghinayang D.nabi

> Isang araw, masayang pinag-uusapan ng mga mag-aaral ang mga karanasan nila sa field trip. Nagugustuhan nila ang pamamasyal sa bukid dahil malinis ang simoy ng hangin. Naliligo sila sa ilog na nasa ibaba ng bundok. Busog na busog sila sa mga kinakaing bayabas.

192. Ano ang pinag-uusapan ng mag-aaral?

A. pamimitas ng prutas

C. Karanasan

B. iskawting

D. pamamasyal

Basahin ang sanaysay. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kasunod nito.

## KAGUBATAN: ATING PANGALAGAAN

Si Rodel ay isa lamang sa magtotroso sa kanilang bayan. Wala siyang pakundangan sa pagputol ng mga punongkahoy. Kahit maliliit pa ay pinuputol na niya sa hangad na kumita nang malaki. Dahil dito, maraming troso ang kanyang nabibinta araw-araw.

Minsan, nakasabay niya sa pamumutol ng puno Si Mang Kanor ang bago nilang kasamahan sa pagtotroso. Napansin ni Mang Kanor na hindi lamang magugulang na puno ang pinuputol ni Rodel kundi maging iyong mga bata pa.

"Hindi nakakabuti sa ating kalikasan kapag pinutol mo ang mga puno na di pa magulang. Makakasira lamang ito sa kalikasan," paalala ni Mang Kanor. " Sa dinami-dami ng mga puno dito sa gubat, hindi basta basta mauubos ito, " sambit ni Rodel.

Makalipas ang ilang buwan napansin ni Rodel na paunti na ng paunti ang mga puno sa kagubatan. Napansin rin niya na sa konting pag-ulan bumabaha na sa kanilang bayan. Naisip ni Rodel na tama nga si Mang Kanor nang sabihin niya na makakasama sa kalikasan ang sobrang pamumutol ng puno.

Kinabukasan, sinadya niya sa Mang Kanor at nangako na tutulong sa pagpapalaganap ng masamang dulot ng pagkakalbo ng kagubatan dahil sa maling pagtotroso.

193. Ano ang paksang diwa ang inihatid ng kwento?

A. Pangalagaan natin ang ating kagubatan sa halip na sirain ito.
B. Nakakasira sa kalikasan ang illegal na pamumutol ng punongkahoy.
C. Unti-unti nang nasisira ang mga yamang dagat natin dahil sa mga tao.
D. Maraming pera ang kinikita ng mga magtotroso sa pamumutol ng punongkahoy.

194. Bakit paunti na nang paunti ang mga punongkahoy sa gubat?

A. Nadadala ito ng tubig ulan.
B. Marami na ang nagtotroso sa gubat.
C. Namamatay ang mga itinatanim na punla.
D. Pinuputol ang mga puno kahit na hindi pa ito magulang

195. Ano kaya ang kalalabasan ng pakikipag-usap ni Rodel sa kapwa magtotroso?

A. Hindi sila nakikinig sa kanya.
B. Magagalit ang mga tao kay Rodel.
C. Titigil na sila sa maling pagtotroso.
D. Si Rodel lang ang titigil sa maling pagtotroso.

196. Piliin ang wastong pagkakaayos ng mga pangyayari sa kwento.

1. Si Rodel ay walang pakundangan sa pagputol ng punongkahoy.
2. Nangako si Rodel na tutulong sa pagpapalaganap ng masamang dulot ng illegal na pamumutol ng punongkahoy.
3. Maraming nabentang troso si Rodel.
4. Pinaalalahanan ni Mang Kanor si Rodel sa maling paraan ng pamumutol ng punongkahoy.
5. Napansin ni Rodel ang epekto ng maling paraan ng pamumutol ng punongkahoy.

A. 2-5-1-3-4
B. 3-2-4-1-5
C. 1-3-4-5-2
D. 1-2-3-4-5

Tukuyin ang katangian ng tauhan sa pamamagitan na ipinahahayag o sinasabi sa ibaba.

197. " Napakasarap! Tiyak na magugugustuhan ninyo, " tugon ni Sarda.
A. mapagbiro
B. magiliw
C. maalalahanin
D. mausisa

198. Sa kwentong pinamagatang "Biag ni Lama-ang", ano ang maaaring mangyayari kay Lam-ang kung walang mga alagang hayop na tumutulong sa kanyang pakikipaglaban?
A. mahihilo
B. maghihingalo
C. maaaring mamatay
D. mawawalan ng pag-asa

199. Paano nagapi ni Lam-ang ang kanyang mga kalaban sa paghanap ng kanyang ama? Ito'y dahil sa kanyang ______.
A. kakisigan
B. katapatan
C. katapangan
D. katalinuhan

Para sa bilang 151-154. Pag-aralan ang bar graph sa ibaba at sagutin ang sumusunod na mga tanong.




151. Tungkol saan ang bar graph sa itaas?
   A. Mga lugar na pinapasyalan ng mga estudyante.
   B. Mga Shopping mall sa Metro Manila.
   C. Mga malalaking paarlan sa Metro Manila.
   D. Mga gusaling itinayo san g p-amahalaan.

152. Aling lugar ang pinapasyalan ng pinakamaraming estudyante?
   A. Fantasy Land  B. Royal Farm  C. Rizal Shrine  D. Sungkilaw Falls

153. Aling lugar ang may pinakamaliit na bilang ng mga estudyanteng namamasyal?
   A. Alano Farm  B. Airport  C. Linabo Peak  D. Sungkilaw Falls

154. Aling dalawang lugar ang halos pareho ang bilang ng mga estudyanteng namasyal?
   A. Royal Farm at Rizal Shrine
   B. Fantasy Land at Boulevard
   C. Alano Farm at Sungkilaw Falls
   D. Boulevard at Linabo Peak

Para sa bilang 155 – 159. Sa isang sulok ng silid-aralan may nabasag na "outlet" na may kuryente.

155. Alin sa mga poster ang angkop sa sitwasyon upang makabuo ng pagbabadya?




156. Ano ang dapat mong gawin kapag may nakitang nabasag na outlet sa silid-aralan?
   A. magsumbong sa guro
   B. magcharge ng gadyet
   C. subukang kumpunihin
   D. pabayaan na lamang ito

157. Alin ang nagbigay ng babala?
   A. Dapat maglaro sa hagdan
   B. Tangalin ang babala
   C. pagtulungan alisin ang hagdan
   D. Madulas ang hagdan

158. Alin ang naiiba sa lahat?
   A. ito, ire, ditto
   B. ikaw, siya, sila
   C.ko,mo,iyo
   D. susi,mesa,tasa

159. Alin ang uri ng pang-abay?
   A. lantay, pahambing, pasukdol
   B. pamaraan, panlunan, pamanahon
   C. pantangi,pambalana, konkreto
   D. perpektibo, imperpektibo, kontemplatibo

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1.A | 53.B | 105.D | 157.D |
| 2.D | 54.D | 106.D | 158.D |
| 3.A | 55.D | 107.D | 159.B |
| 4.B | 56.A | 108.B | 160.D |
| 5.B | 57.A | 109.D | 161.A |
| 6.B | 58.A | 110.B | 162.D |
| 7.C | 59.C | 111.B | 163.B |
| 8.C | 60.A | 112.C | 164.B |
| 9.B | 61.A | 113.D | 165.C |
| 10.A | 62.C | 114.D | 166.D |
| 11.B | 63.B | 115.A | 167.B |
| 12.A | 64.D | 116.C | 168.C |
| 13.B | 65.D | 117.D | 169.B |
| 14.A | 66.A | 118.B | 170.A |
| 15.A | 67.B | 119.B | 171.B |
| 16.A | 68.B | 120.A | 172.B |
| 17.B | 69.C | 121.C | 173.B |
| 18.C | 70.C | 122.C | 174.B |
| 19.B | 71.D | 123.D | 175.D |
| 20.D | 72.A | 124.D | 176.B |
| 21.B | 73.A | 125.A | 177.B |
| 22.C | 74.C | 126.D | 178.A |
| 23.C | 75.D | 127.A | 179.A |
| 24.D | 76.C | 128.B | 180.B |
| 25.C | 77.C | 129.A | 181.A |
| 26.C | 78.C | 130.D | 182.D |
| 27.C | 79.B | 131.B | 183.B |
| 28.B | 80.A | 132.A | 184.B |
| 29.B | 81.D | 133.B | 185.A |
| 30.A | 82.B | 134.C | 186.C |
| 31.A | 83.C | 135.D | 187.A |
| 32.A | 84.A | 136.C | 188.A |
| 33.A | 85.C | 137.C | 189.A |
| 34.D | 86.A | 138.A | 190.B |
| 35.D | 87.B | 139.B | 191.A |
| 36.B | 88.A | 140.C | 192.C |
| 37.A | 89.B | 141.C | 193.A |
| 38.A | 90.D | 142.A | 194.D |
| 39.B | 91.C | 143.A | 195.C |
| 40.D | 92.A | 144.D | 196.C |
| 41.D | 93.C | 145. | 197.B |
| 42.D | 94.D | 146. | 198.C |
| 43.D | 95.C | 147. | 199.C |
| 44.C | 96.D | 148. | 200. |
| 45.B | 97.C | 149.C | 201. |
| 46.B | 98.B | 150.B | 202. |
| 47.D | 99.A | 151.A | 203. |
| 48.A | 100.C | 152.A | 204. |
| 49.A | 101.A | 153.B | 205. |
| 50.C | 102.B | 154.C | 206. |
| 51.B | 103.D | 155.C | 207. |
| 52.D | 104.B | 156. | 208. |

Para sa bilang 151-154. Pag-aralan ang bar graph sa ibaba at sagutin ang sumusunod na mga tanong.




151. Tungkol saan ang bar graph sa itaas?
   A. Mga lugar na pinapasyalan ng mga estudyante.
   B. Mga Shopping mall sa Metro Manila.
   C. Mga malalaking paarlan sa Metro Manila.
   D. Mga gusaling itinayo san g p-amahalaan.

152. Aling lugar ang pinapasyalan ng pinakamaraming estudyante?
   A. Fantasy Land  B. Royal Farm  C. Rizal Shrine  D. Sungkilaw Falls

153. Aling lugar ang may pinakamaliit na bilang ng mga estudyanteng namamasyal?
   A. Alano Farm  B. Airport  C. Linabo Peak  D. Sungkilaw Falls

154. Aling dalawang lugar ang halos pareho ang bilang ng mga estudyanteng namasyal?
   A. Royal Farm at Rizal Shrine
   B. Fantasy Land at Boulevard
   C. Alano Farm at Sungkilaw Falls
   D. Boulevard at Linabo Peak

Para sa bilang 155 – 159. Sa isang sulok ng silid-aralan may nabasag na "outlet" na may kuryente.

155. Alin sa mga poster ang angkop sa sitwasyon upang makabuo ng pagbabadya?




156. Ano ang dapat mong gawin kapag may nakitang nabasag na outlet sa silid-aralan?
   A. magsumbong sa guro
   B. magcharge ng gadyet
   C. subukang kumpunihin
   D. pabayaan na lamang ito

157. Alin ang nagbigay ng babala?
   A. Dapat maglaro sa hagdan
   B. Tangalin ang babala
   C. pagtulungan alisin ang hagdan
   D. Madulas ang hagdan

158. Alin ang naiiba sa lahat?
   A. ito, ire, ditto
   B. ikaw, siya, sila
   C.ko,mo,iyo
   D. susi,mesa,tasa

159. Alin ang uri ng pang-abay?
   A. lantay, pahambing, pasukdol
   B. pamaraan, panlunan, pamanahon
   C. pantangi,pambalana, konkreto
   D. perpektibo, imperpektibo, kontemplatibo